Sukdulang Katapatan: Pagsamba sa Lugar ng Labanan

Liksyon 7, Q4, Nobyembre 08-Nobyembre 14, 2025



Hapon ng Sabbath Nobyembre 8

Talatang Sauluhin:

“At sinabi ng Panginoon kay Moises, Hanggang kailan tatanggihan ninyo ganapin ang aking mga utos at ang aking mga kautusan? Tingnan ninyo, na sapagka't ibinigay ng Panginoon sa inyo ang sabbath, kung kaya't kaniyang ibinibigay sa inyo sa ikaanim na araw ang pagkain ng sa dalawang araw; matira ang bawa't tao sa kaniyang kinaroroonan, huwag umalis ang sinoman sa kaniyang kinaroroonan, sa ikapitong araw. Kaya ang bayan ay nagpahinga sa ikapitong araw.” KJV — Exodus 16:28-30

“ Ang mga operasyong militar ay pansamantalang itinigil upang ang buong Israel ay makibahagi sa isang taimtim na seremonyang panrelihiyon. Sabik na sabik ang mga tao na magkaroon ng paninirahan sa Canaan; sa ngayon ay wala pa silang mga tahanan o lupain para sa kanilang mga pamilya, at upang makamtan ito, kailangan nilang paalisin ang mga Canaanita. Ngunit ang mahalagang gawaing ito ay kailangang ipagpaliban muna, sapagkat may mas mataas na tungkuling dapat nilang bigyang-pansin. PP 499.2

“Bago nila angkinin ang kanilang minanang lupain, kinakailangang muling pagtibayin nila ang tipan ng kanilang katapatan sa Diyos. Sa mga huling tagubilin ni Moises, dalawang ulit niyang iniutos na magkaroon ng pagtitipon ng mga lipi sa mga bundok ng Ebal at Gerizim, sa Siquem, para sa taimtim na pagkilala sa kautusan ng Diyos. Bilang pagsunod sa mga tagubiling ito, ang buong bayan—hindi lamang ang mga lalaki, kundi pati ang “mga babae, at ang mga bata, at ang mga taga-ibang lupa na naninirahan sa gitna nila”—ay iniwan ang kanilang kampo sa Gilgal at nagmartsa sa lupain ng kanilang mga kaaway patungo sa lambak ng Siquem, malapit sa gitna ng lupain. Bagaman napalilibutan sila ng mga kaaway na hindi pa nila nalulupig, sila ay ligtas sa ilalim ng pangangalaga ng Diyos hangga’t sila ay tapat sa Kanya. Ngayon, tulad noong panahon ni Jacob, “ang takot ng Diyos ay nasa mga lungsod na nasa paligid nila” (Genesis 35:5), at hindi nila ginambala ang mga Hebreo. PP 499.3

“Ang lugar na itinalaga para sa seremonyang ito ay isa nang banal na pook dahil sa kaugnayan nito sa kasaysayan ng kanilang mga ninuno. Dito unang nagtayo si Abraham ng dambana para kay Jehova sa lupain ng Canaan. Dito rin naglatag ng kaniyang tolda sina Abraham at Jacob. Dito rin binili ni Jacob ang bukid na siyang pinaglibingan ng mga lipi sa katawan ni Jose. Narito rin ang balon na hinukay ni Jacob, at ang punong ensina na doon niya inilibing ang mga diyus-diyosan ng kaniyang sambahayan.” PP 499.4

Linggo Nobyembre 9

Tipan Muna

Basahin ang Josue 5:1–7. Bakit iniutos ng Panginoon kay Josue na tuliin ang ikalawang henerasyon ng mga Israelita sa partikular na panahon ng pananakop na ito?

“Habang muling lumalayo ang mga tao sa Diyos, pinili ng Panginoon si Abraham, na tungkol sa kanya ay sinabi Niya, ‘Sapagka't sinunod ni Abraham ang aking tinig, at ginanap ang aking bilin, ang aking mga utos, ang aking mga palatuntunan at ang aking mga kautusan.” (Genesis 26:5). Sa kanya ipinagkaloob ang seremonya ng pagtutuli, na siyang tanda na ang mga tumanggap nito ay inilaan sa paglilingkod sa Diyos—isang pangako na sila’y mananatiling hiwalay sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at susunod sa kautusan ng Diyos.” PP 363.2

“Kung iningatan lamang ng tao ang kautusan ng Diyos, gaya ng ibinigay kay Adan matapos siyang mahulog sa kasalanan, iningatan ni Noe, at sinunod ni Abraham, hindi sana kinailangang ibigay ang utos tungkol sa pagtutuli. At kung ang mga inapo ni Abraham ay nanatiling tapat sa tipan na sinisimbolo ng pagtutuli, hindi sana sila nadaya upang sumamba sa mga diyus-diyosan, ni hindi sana nila kailangang magdanas ng pagkaalipin sa Egipto. Sana ay lagi nilang naaalala ang kautusan ng Diyos, at hindi na sana kailangang ipahayag ito mula sa Sinai o iukit sa mga tapyas na bato. At kung isinagawa lamang ng mga tao ang mga prinsipyo ng Sampung Utos, hindi na sana kinailangan pa ang mga karagdagang tagubilin na ibinigay kay Moises.” PP 364.2

“Hindi kalayuan sa Jordan, nagtayo ng unang kampo ang mga Hebreo sa lupain ng Canaan. Dito tinuli ni Josue ‘ang mga anak ni Israel;’ at ‘ang mga anak ni Israel ay nagkampo sa Gilgal, at ipinagdiwang ang Paskua.’ Ang pagtigil ng seremonya ng pagtutuli mula nang maghimagsik sila sa Kadesh ay naging patuloy na paalala sa Israel na ang kanilang tipan sa Diyos, na siyang sinisimbolo nito, ay nabali na. Ang pagtigil din sa pagdiriwang ng Paskua—ang pag-alaala sa kanilang paglaya mula sa Egipto—ay naging patunay ng poot ng Panginoon sa kanilang pagnanais na bumalik sa lupain ng pagkaalipin. Ngayon, gayunman, ang mga taon ng pagtanggi ay natapos na. Muling kinilala ng Diyos ang Israel bilang Kaniyang bayan, at ibinalik ang tanda ng tipan. Ang seremonya ng pagtutuli ay isinagawa sa lahat ng taong ipinanganak sa ilang. At sinabi ng Panginoon kay Josue, ‘Sa araw na ito ay inalis ko sa inyo ang pagdusta ng Egipto,’ at dahil dito, tinawag ang lugar ng kanilang kampo na Gilgal, na ang ibig sabihin ay ‘pag-alis’ o ‘pag-ikot palayo.’” PP 485.2

“Ang mga bansang pagano ay nanlibak sa Panginoon at sa Kaniyang bayan dahil nabigo ang mga Hebreo na agad sakupin ang Canaan, gaya ng inaasahan, pagkaraan nilang umalis sa Egipto. Natuwa ang kanilang mga kaaway sapagkat labis na tumagal ang Israel sa paglalakbay sa ilang, at may pangungutya nilang ipinahayag na ang Diyos ng mga Hebreo ay walang kakayahang dalhin sila sa Lupang Pangako. Ngunit ngayon ay malinaw na ipinakita ng Panginoon ang Kaniyang kapangyarihan at kabutihan sa pamamagitan ng pagbukas ng Jordan sa harap ng Kaniyang bayan, kaya't hindi na sila maaaring alipustain pa ng kanilang mga kaaway." PP 486.1

Lunes Nobyembre 10

Paskuwa

Bakit mahalaga na pinili ni Josue na ipagdiwang ang Paskuwa sa kabila ng napakahalaga at napakalaking gawain ng pagsakop sa Lupang Pangako? Basahin ang Josue 5:10; Exodo 12:6; Levitico 23:5; Bilang 28:16; Deuteronomio 16:4, 6.

"Sinabi ng Panginoon: 'Sapagka't ako'y dadaan sa lupain ng Egipto sa gabing yaon, at aking lilipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, maging tao at maging hayop; at gagawa ako ng kahatulan laban sa lahat ng mga dios sa Egipto... At ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka aking nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo, at walang salot na sasainyo, na papatay sa inyo, pananakit ko sa lupaing Egipto.'" PP 274.2; Exo 12:1213

"Bilang pag-alaala sa dakilang pagliligtas na ito, ipinag-utos na ang isang kapistahan ay ipagdiwang taon-taon ng bayan ng Israel sa lahat ng susunod na salinlahi. 'At ang araw na ito'y magiging sa inyo'y isang alaala, at inyong ipagdidiwang na pinakapista sa Panginoon; sa buong panahon ng inyong lahi ay inyong ipagdidiwang na pinakapista na bilang tuntunin magpakailan man.' Sa tuwing ipagdiriwang nila ang pista sa mga darating na taon, kailangan nilang ikuwento sa kanilang mga anak ang kasaysayan ng dakilang pagliligtas na ito, gaya ng iniutos ni Moises: ‘Na inyong sasabihin: Siyang paghahain sa paskua ng Panginoon, na kaniyang nilampasan ang mga bahay ng mga anak ni Israel sa Egipto, nang kaniyang sugatan ang mga Egipcio, at iniligtas ang aming mga sangbahayan. At ang bayan ay nagyukod ng ulo at sumamba.” PP 274.3; Exo 12:14, 27

“At ang pagtigil sa pagdiriwang ng Paskua—ang alaala ng kanilang paglaya mula sa Egipto—ay naging patunay ng hindi kagalakan ng Panginoon sa kanilang pagnanais na bumalik sa lupain ng pagkaalipin.” PP 485.2

“Sa ikalabing apat na araw ng buwan sa paglubog ng araw,’ ipinagdiwang nila ang Paskua sa kapatagan ng Jerico. ‘At sila'y kumain ng imbak na trigo ng lupain sa kinabukasan pagkatapos ng paskua, ng mga tinapay na walang lebadura, at ng sinangag na trigo, sa araw ding yaon. At ang mana ay naglikat nang kinabukasan, pagkatapos na sila'y makakain ng imbak na trigo ng lupain; at hindi naman nagkaroon pa ng mana ang mga anak ni Israel; kundi sila'y kumain ng bunga ng lupain ng Canaan ng taong yaon.” Josue 5:11-12 Sa wakas, ang mga paa ng Israel ay tumuntong na sa Lupang Pangako.” PP 486.2

Martes Nobyembre 11

Mga Dambana ng Pagpapanibago

Ano ang nag-udyok kay Josue sa pagtatayo ng dambana para sa Panginoon? Basahin ang Josue 8:30, 31; ihambing sa Deuteronomio 11:26–30; Deuteronomio 27:2–10.

“Bago nila angkinin ang kanilang minanang lupain, kinakailangan nilang muling pagtibayin ang tipan ng kanilang katapatan sa Diyos.” PP 499.3

“Ayon sa mga tagubilin na ibinigay ni Moises, nagtayo sila ng isang bantayog na gawa sa malalaking bato sa Bundok Ebal. Sa mga batong ito, na una nang tinakpan, isinulat ang kautusan—hindi lamang ang sampung utos na winika mula sa Sinai at inukit sa mga tapyas na bato, kundi pati ang mga batas na ibinigay ng Diyos kay Moises at isinulat niya sa isang aklat. Sa tabi ng bantayog na ito ay itinayo ang isang dambana na yari sa mga batong hindi hinubog ng kamay, kung saan inihandog ang mga hain sa Panginoon. Ang katotohanang ang dambana ay itinayo sa Bundok Ebal—ang bundok na pinaglagyan ng sumpa—ay may malalim na kahulugan. Ipinakikita nito na dahil sa kanilang mga pagsuway sa kautusan ng Diyos, matuwid lamang na tanggapin ng Israel ang Kaniyang poot, at na sana’y agad itong ipinatupad kung hindi dahil sa pagtubos ni Cristo, na inilarawan ng dambanang handugan.” PP 500.2

“Anim sa mga lipi—yaong mula sa lahi nina Lea at Raquel—ay inilagay sa Bundok Gerizim; samantalang yaong mula sa mga alipin, kasama sina Ruben at Zebulun, ay tumayo sa Bundok Ebal. Ang mga saserdote na may dala ng kaban ay nasa lambak sa pagitan nila. Ipinahayag ang katahimikan sa pamamagitan ng tunog ng trumpeta; at sa gitna ng lubos na katahimikan, sa harap ng napakalaking pagtitipong iyon, si Josue, na nakatayo sa tabi ng banal na kaban, ay binasa ang mga pagpapalang igagawad sa mga susunod sa kautusan ng Diyos. Tumugon ang lahat ng lipi sa Gerizim ng isang “Amen.” Pagkatapos ay binasa niya ang mga sumpa, at ang mga lipi sa Ebal ay sumang-ayon din, libu-libong tinig na nagkakaisa na parang tinig ng isang tao sa taimtim na tugon. Pagkaraan nito ay binasa ang kautusan ng Diyos, kasama ang mga tuntunin at kahatulang ibinigay sa kanila ni Moises.” PP 500.3

Miyerkules Nobyembre 12

Isinulat sa mga Bato

Basahin ang Josue 8:32–35. Ano ang kahulugan ng gawaing inilalarawan sa mga talatang ito, at ano ang dapat nitong sabihin sa atin ngayon?

" Ang lugar na itinalaga para sa taimtim na seremonyang ito ay isa nang banal na pook dahil sa kaugnayan nito sa kasaysayan ng kanilang mga ninuno. Dito unang nagtayo si Abraham ng dambana para kay Jehova sa lupain ng Canaan. Dito rin naglatag ng tolda sina Abraham at Jacob. Dito rin binili ni Jacob ang bukid na siyang pinaglibingan ng mga lipi sa katawan ni Jose. Narito rin ang balon na hinukay ni Jacob, at ang punong ensina na doon niya inilibing ang mga diyus-diyosan ng kaniyang sambahayan." PP 499.4

"Ang pook na pinili ay isa sa pinakamagaganda sa buong Palestina, at karapat-dapat na maging tagpuan ng dakila at kahanga-hangang tagpong ito. Ang kaakit-akit na lambak, na may mga luntiang bukirin na tinatampok ng mga punong olibo, dinadaluyan ng mga batis mula sa mga buhay na bukal, at napapalamutian ng mga ligaw na bulaklak, ay nakalatag na wari'y nag-aanyayang pumagitna sa mga tigang na burol. Ang mga bundok ng Ebal at Gerizim, na magkaharap sa magkabilang panig ng lambak, ay halos nagtatagpo; ang kanilang mababang bahagi ay tila bumubuo ng isang likas na pulpito, kung saan ang bawat salitang binibigkas sa isa ay malinaw na naririnig sa kabila, samantalang ang gilid ng mga bundok ay umaatras upang magbigay-daan sa isang napakalaking pagtitipon." PP 500.1

Bakit kinakailangang isulat ang kopya ng tipan sa isang bantayog, na makikita ng lahat? (Tingnan ang Deuteronomio 4:31; Deuteronomio 6:12; Deuteronomio 8:11, 14; 2 Hari 17:38; Awit 78:7.)

"Natanggap ng Israel ang kautusan direkta mula sa bibig ng Diyos sa Sinai; at ang mga banal na utos na iyon, na isinulat mismo ng Kaniyang kamay, ay patuloy na iniingatan sa kaban. Ngayon, muli itong naisulat sa isang lugar na makikita at mababasa ng lahat. Lahat ay may pribilehiyong makita mismo ang mga kundisyon ng tipan na siyang magiging batayan ng kanilang pag-aari sa lupain ng Canaan. Lahat ay dapat magpahayag ng kanilang pagtanggap sa mga termino ng tipan, at sumang-ayon sa mga pagpapala o sumpa na kalakip ng pagsunod o paglabag dito. Ang kautusan ay hindi lamang isinulat sa mga batong alaala, kundi binasa mismo ni Josue sa pandinig ng buong Israel. Hindi pa man gaanong katagal mula nang ibigay ni Moises sa mga tao ang buong aklat ng Deuteronomio sa pamamagitan ng kaniyang mga pangaral, ngunit ngayo'y muling binasa ni Josue ang kautusan." PP 500.4

"Hindi lamang ang mga lalaki ng Israel, kundi pati 'ang lahat ng mga babae at mga bata' ay nakinig sa pagbasa ng kautusan; sapagkat mahalagang malaman at tuparin din nila ang kanilang tungkulin. Ipinag-utos ng Diyos sa Israel tungkol sa Kaniyang mga palatuntunan: 'Kaya't inyong ilalagak itong aking mga salita sa inyong puso, at sa inyong kaluluwa; at inyong itatali na pinakatanda sa inyong kamay at magiging pinakatali sa inyong noo. At inyong ituturo sa inyong mga anak... Upang ang inyong mga araw ay dumami at ang mga araw ng inyong mga anak, sa lupain na isinumpa ng Panginoon sa inyong mga magulang na ibibigay sa kanila, gaya ng mga araw ng langit sa ibabaw ng lupa..'" (Deuteronomio 11:18–21.) PP 503.1

Huwebes Nobyembre 13

Nananabik sa Kanyang Presensya

Basahin ang Josue 18:1, 2. Ano ang dahilan kung bakit pansamantalang itinigil ni Josue ang pamamahagi ng lupain?

Nanatili ang kaban sa Shiloh sa loob ng tatlong daang taon, hanggang sa, dahil sa mga kasalanan ng sambahayan ni Eli, ito ay napasakamay ng mga Filisteo, at winasak ang Shiloh. Ang kaban ay hindi na muling ibinalik sa tabernakulo roon; ang paglilingkod sa santuwaryo ay tuluyang inilipat sa templo sa Jerusalem, at ang Shiloh ay tuluyang nawalan ng kahalagahan. Mga guho na lamang ang natitira upang magpahiwatig ng lugar kung saan ito dating nakatayo. Pagkaraan ng mahabang panahon, ginamit ang kapalaran nito bilang babala sa Jerusalem. "Magsiparoon kayo ngayon sa aking dako na nasa Silo, sabi ni propeta Jeremias, na siyang aking pinagpatahanan ng aking pangalan nang una, at inyong tingnan kung ano ang aking ginawa dahil sa kasamaan ng aking bayang Israel.l.... Kaya't gagawin ko sa bahay na tinatawag sa aking pangalan, na inyong tinitiwalaan, at sa dakong ibinigay ko sa inyo at sa inyong mga magulang, ang gaya ng aking ginawa sa Silo." (Jeremias 7:12–14.)" PP 514.4

Basahin ang Hebreo 6:19, 20; Hebreo 9:11, 12; at Hebreo 10:19–23. Bilang mga Kristiyano na walang makalupang santuwaryo na naglalaman ng pisikal na presensya ng Diyos sa gitna natin, ano ang maaari nating matutunan mula kay Josue?

Sa hinaharap ay magkakaroon ng mga kaguluhan, kapighatian, at pandaraya. Ang tanging kaligtasan ng bayan ng Diyos ay ang kanilang pagkakaisa sa gawaing ipinagkatiwala sa kanila, na ang Diyos lamang ang dapat mamahala. Ang lahat ng matatag na mananatili sa kanilang pananampalataya hanggang wakas ay tatanggap ng tatak ng Diyos sa kanilang noo. Tungkol sa kanila ay sasabihin Niya, 'Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat.' (Apocalipsis 3:4.) Sa takdang panahon, ang masayang balita ng kanilang pagliligtas ay darating, pupunuin ang kanilang mga puso ng kagalakan at ang kanilang mga labi ng papuri." 21MR 272.1

"Sa panahong ito, ang tanging kaligtasan ng mga tumutupad sa mga utos ng Diyos ay ang magkaroon ng iisang puso, na nakaugnay kay Cristo at sa isa't isa, at nakatagong kasama ni Cristo sa Diyos. (Juan 13:33–35.) Nakikita ng Tagapagligtas ang paparating na tunggalian, at tinatawagan Niya ang Kaniyang bayan na palakasin ang kanilang sarili sa pamamagitan ng Kaniyang lakas, na makipagkasundo sa Kanya upang, kapag sila'y sinubok—na tiyak na mangyayari—maiparanas sa kanila ng Diyos ang karanasan ni Jacob, na magbibigay sa kanila ng kakayahang angkinin ang mga pangako: 'Bukod dito'y makikipagtipan ako ng tipan ng kapayapaan sa kanila; magiging tipan na walang hanggan sa kanila; at aking ilalagay sila, at pararamihin sila at itatatag ko ang aking santuario sa gitna nila magpakailan man. Ang aking tabernakulo naman ay mapapasa gitna nila; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan. At malalaman ng mga bansa na ako ang Panginoon na nagpapabanal sa Israel, pagka ang aking santuario ay mapapasa gitna nila magpakailan man." (Ezekiel 37:26–28.) 21MR 272.2

Biyernes Nobyembre 14

Karagdagang Kaisipan

Si Satanas ay laging kumikilos upang baluktutin ang mga salita ng Diyos, bulagin ang isipan at padilimin ang pang-unawa ng tao, at sa gayon ay akayin sila sa kasalanan. Ito ang dahilan kung bakit napakalinaw ng mga utos ng Panginoon—ginawa Niyang napakaliwanag ng Kaniyang mga kahilingan upang walang sinumang maligaw. Ang Diyos ay patuloy na nagsisikap na ilapit ang mga tao sa ilalim ng Kaniyang proteksyon, upang hindi magamit ni Satanas ang kanyang malupit at mapanlinlang na kapangyarihan laban sa kanila. Ibinaba ng Diyos ang Kaniyang sarili upang direktang makipag-usap sa kanila sa pamamagitan ng Kaniyang sariling tinig, at isulat sa Kaniyang sariling kamay ang mga buhay na orakulo. At ang mga mapagpalang salitang ito, na puspos ng buhay at nagliliwanag sa katotohanan, ay ipinagkatiwala sa tao bilang isang ganap na gabay. Sapagkat napakabilis ni Satanas na agawin ang isip ng tao at ilayo ang kanyang pag-ibig mula sa mga pangako at utos ng Panginoon, lalong kinakailangang maging mas masigasig upang itanim ang mga ito sa isipan at bakasin sa puso." PP 503.3

"Ang mga tagapagturo ng relihiyon ay dapat magbigay ng higit na pansin sa pagtuturo sa mga tao hinggil sa mga katotohanan at mga aral ng kasaysayan sa Biblia, pati na rin sa mga babala at mga utos ng Panginoon. Ang mga ito ay dapat ipaliwanag sa payak na wika, upang maunawaan ng mga bata. Dapat maging bahagi ng tungkulin ng mga ministro at ng mga magulang na tiyaking natuturuan ang mga kabataan ng mga Kasulatan." PP 504.1

"Ang mga magulang ay maaaring magbigay at magpakita ng interes sa kanilang mga anak sa iba't ibang kaalamang matatagpuan sa mga banal na pahina ng Kasulatan. Ngunit kung nais nilang maging interesado ang kanilang mga anak sa salita ng Diyos, dapat na sila mismo ang unang maging interesado rito. Dapat nilang makilala at maunawaan ang mga aral nito, at gaya ng iniutos ng Diyos sa Israel, dapat ninyong sasalitain sa kanila, pagka ikaw ay nauupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga, at pagka ikaw ay bumabangon." (Deuteronomio 11:19). Yaong mga nagnanais na ibigin at igalang ng kanilang mga anak ang Diyos ay dapat magsalita tungkol sa Kaniyang kabutihan, Kaniyang kadakilaan, at Kaniyang kapangyarihan, gaya ng ipinahayag sa Kaniyang salita at sa mga gawa ng paglalang." PP 504.2

"Bawat kabanata at bawat talata ng Biblia ay isang pakikipag-ugnayan ng Diyos sa tao. Dapat nating itali ang mga utos nito bilang mga tanda sa ating mga kamay at sa pagitan ng ating mga mata. Kung ito ay pag-aaralan at susundin, ito ay gagabay sa bayan ng Diyos, gaya ng pagpatnubay sa mga Israelita ng haliging ulap sa araw at ng haliging apoy sa gabi." PP 504.3

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:

WhatsApp: (+63)961-954-0737

contact@advancedsabbathschool.org